THE TAMARAO JOURNAL

WHAT'S INSIDE?
3 MONA LISA'S KITCHEN: Making Authentic Carbonara.

VOLUME I No. 28 May 23, 2022 - May 29, 2022

# P329 pinakamababang sahod kada araw, sisimulang ipatupad ngayong Hunyo

SIMULA HUNYO 2022, mula sa P294 kada araw, magiging P329 kada araw na ang itatakdang dapat na maging sahod ng mga manggagawa ng mga establisyamento sa mga lalawigan, ayon sa Regional Tripartite Wages and Productivity Board MIMAROPA.

Ang pagdadagdag ng P35.00 sa umiiral na arawang sahod ng mga manggagawa sa mga pribadong establisyamento ay nakabatay sa Wage Order No. RB-MIMAROPA-10.

Ang P329 kada araw ay applicable lamang sa mga pribadong establisyamento na may siyam na tauhan pababa lamang at hindi rin kasama rito ang sahod ng mga kasambahay.

Sa mga pribadong establisyamento namang may sampu pataas ang mga tauhan, mula sa umiiral na P320 kada araw na pasahod, magiging P355 kada araw naman ang kanilang magiging daily rate.

Nilalayon ng naturang pagtataas ng P35.00 daily rate para sa mga manggagawa ng mga pribadong establisyamento na makatulong ang pamahalaan sa mga manggagawa at maalalayan ang mga ito sa nangyayari ngayong pagtaas ng presyo ng mga bilihin.



***TINGNAN:*** Mainit na tinanggap ni Governor Humerlito 'Bonz' A. Dolor ang Plaque of Recognition mula kay Department of Trade and Industry (DTI) Provincial Director Arnel Hutalla kaugnay ng naging pagkilala sa Pamahalaang Panlalawigan dahil sa pagkakahirang sa Oriental Mindoro ng National Competitiveness Council (NCC) sa ika-17 pwesto mula sa may 81 mga lalawigan sa buong bansa sa larangan ng local economic development sa 2021 ranking of provinces.

Matatandaang noong 2019 nasa 59th ang rank ng lalawigan, 22nd noong 2020 at umangat pa sa 17th noong 2021.

Ang pamantayan sa pagiging competitive ng mga lalawigan ay nakabase sa tinatawag na economic dynamism, government efficiency, infrastructure at resiliency. Matatandaang malaking ambag rito ang mga malalaking inisyatiba ng Pamahalaang Panlalawigan na kasalukuyang pinamumunuan ni Gov. Bonz, mga lokal na pamahalaan ng bawat bayan at malaking tulong na rin ng mga serbisyo ipinagkakaloob ng iba't-ibang mga ahensya ng pamahalaan na nakabase sa lalawigan.

Samantala, ang Cities and Municipalities Competitiveness Index (CMCI) ay ang taunang ranking ng Philippine Cities and Municipalities na binuo ng NCC sa pamamagitan ng Regional Competitiveness Committees (RCCs) at tulong ng United States Agency for International Development (USAID) ***(PIO Oriental Mindoro)***.

# Consumers slam electric co-op

By Ire Joe Laurente

CALAPAN CITY, Oriental Mindoro: Member consumers of the electric cooperative in the province took to social media to criticize the dismal services of the lone power distributor here.

Right after the May 2022 national and local elections, several brownouts and blackouts were experienced by consumers, with some lasting for several hours, particularly in the southern part of the province.

Bong Burgonio, a vocal critic of the Oriental Mindoro Electric Cooperative (Ormeco), has even called for consumers to rally against the management of the cooperative whom he called "calloused" because some were not elected but were merely appointed. This contradicted the constitution and by-laws of the cooperative that states that members of the Board of Directors of Ormeco should be elected by member-consumers in their respective districts, he said.

Ormeco has eight districts in the province but currently, at least two were appointed by the management of Ormeco, representing the City of Calapan and the towns of Victoria and Naujan where the biggest number of consumers reside.

Consumers are also complaining about the stiff increase in their monthly billing.

King Marasigan, a member of the local media, posted on his social media account that his bill increased from P4,000 to P7,000 this month.

In his post, Marasigan "thanked" the cooperative for its consistent billing despite the frequent power outages.

"'Di bale ng brownout lagi basta 'wag n'yo lang po kalilimutang dalhin lagi ang bill namin. We love love you so much po (It does not matter if it is brownout, so long as you consistently send our monthly billing)," he posted.

The Office of the General Manager (OGM) posted on its social media that the power outages were caused by low supply from independent power producers (IPPs) and the lack of water on two of its hydroelectric plants.

Ormeco is a cooperative, but it is not under the Cooperative Development Authority. Instead, it has been put under the National Electrification Authority (NEA). In this setup, members are not entitled to dividends.

(with permission from the author and manilatimes.net. https://www.manilatimes.net/2022/05/29/news/regions/consumers-slam-electric-co-op/1845394?fbclid=IwAR2DlOxbAAK3OzBGidP9wrej3naS5kEiHjbKRw8hT6DWJVcI0mYfcPZL700)

THE TAMARAO JOURNAL

RUEL T. LANDICHO
PUBLISHER

RAIA JENNIFER E. DELA PENA
EDITOR IN CHIEF


MARIA GLENDA LANDICHO
OPERATIONS AND CIRCULATION MANAGER


JACQUILOU LIRIO
ANTON VIKTOR LANDICHO
STAFF WRITERS

JORGE THOMAS BEATO
LAY-OUT ARTIST / GRAPHIC DESIGN

REYMUND AL USSAM
LEGAL CONSULTANT

THE TAMARAO JOURNAL IS A WEEKLY NEWSPAPER CIRCULATING IN THE PROVINCE OF ORIENTAL MINDORO, ISSUED EVERY WEDNESDAY. OFFICE: IBABA WEST, CALAPAN CITY, OR. MIN. CONTACT: 09175668361
EMAIL ADD: TAMARAOJOURNAL@GMAIL.COM




For you commercial print needs!
Books, yearbooks, marketing collaterals
www.sinagprintingpress.com
sinagprinting@gmail.com / 09175668361

**WE ARE OPEN TO CONTRIBUTORS AND WRITERS, PLEASE SEND ARTICLES, IDEAS AND INQUIRIES TO**
**website: www.tamaraojournal.com /**
**email add: tamaraojournal@gmail.com**




*TINGNAN: Si Department of Labor and Employment (DOLE) Field Office Senior and Labor Employment Officer Edralin B.Magcalayo habang nagbibigay ng Labor Employment Education for Graduating Students (LEGS) Training sa may 300 graduating students ng John Paul College sa bayan ng Roxas ngayong araw, Mayo 31.*

*Ang LEGS isa lamang sa mga programa na itinataguyod ng DOLE katuwang ang Pamahalaang Panlalawigan upang alalayan ang mga magtatapos na mag-aaral upang ihanda sila sa hinaharap na pagta-trabaho.*

*Kaakibat nito ang pagbibigay ng pangkalahatang impormasyon hinggil sa mga umiiral na batas na may kaugnayan sa karapatan ng isang manggagawa (PIO Oriental Mindoro).*








By Anton Viktor Dela Pena Landicho

FOR THE LONGEST TIME, I always wanted to try making authentic Carbonara. Ever since I was a kid we would always have carbonara at parties and events, I never really thought much of it. So it was really interesting for me to find out that the "Carbonara" I was accustomed to wasn't "real" Carbonara but rather, a more Pinoy version of carbonara.

Although the Carbonara that my mom and ninang make tastes amazing, the taste and experience of eating authentic Carbonara is so different, wonderful, and far more superior than any "Carbonara" made with cream. It was nutty, complex, and of course creamy.

The only thing with making authentic Carbonara is that it requires Pecorino Romano and/or Parmigiano Reggiano cheese which for some, isn't just something you can easily find in your local grocery store and also it is more costly, so budget can be a concern. Whenever we buy Parmigiano Reggiano we always have to go all the way to S&R grocery or to the nearest Deli, which isn't very near.

So when I made this Carbonara I used Parmigiano Reggiano instead of Pecorino Romano, it's better to use Pecorino but Parmigiano is all we had at the time. I also made fresh pasta to give myself a harder time and of course, to make the experience better. I ate this with my family and a friend, and we all agreed that it was great and better than our "normal" Carbonara.

This recipe serves 4-5 people



*Making fresh pasta for this authentic carbonara meal*

# MAKING AUTHENTIC CARBONARA



## *Ingredients:*

- 5 eggs
- 10 tablespoons Parmigiano Reggiano
- 500 grams pasta (I used fresh pasta)
- 350 grams bacon (cut into small pieces)
- 1 cup pasta water
- 1 tablespoon of pepper

## *Procedure:*

1. Put your sliced bacon into a pan on low heat and let it cook slowly until the bacon is crispy and the fat is rendered.

2. Start cooking your pasta in a large pot filled with water and a large pinch of salt (remember to save a cup of pasta water when pasta is done cooking).

3. While your pasta and bacon are cooking take this time to make your cream.

4. Separate your egg yolks from the whites.

5. Mix your yolks with the 10 tablespoons of Parmigiano until turned into a paste.

6. Once your pasta, bacon, and cream are done you can start putting your carbonara together.

7. First, mix your cooked pasta with your bacon and its rendered fats while the stove is still on.

8. Put in your 1 cup of pasta water (leave a little bit) and let the pasta cook a bit more.


9. Let most of the water steam off before putting in your cream.

10. Add a little bit of extra pasta water, turn off the stove, and put in your cream mixture while continuously mixing your pasta.

11. Add your 1 tablespoon of pepper.

12. Mix, plate, and you're done!

If you are making fresh pasta you can make your cream during the end of the resting period of your pasta dough.



*This is the paste for our carbona, it is made from egg yolks and parmigiano reggianno cheese, no cream!*

THE TAMARAO JOURNAL

VOLUME I No. 28 May 23, 2022 - May 29, 2022

MSP GAS RETAILING STATION
Gasolina at Krudo,
Sigurado at Garantisado
BARANGAY GULOD,
CALAPAN CITY, OR. MINDORO
CONTACT: 09295453013

# ORMECO, binigyang palugit ng Pamahalaang Panlalawigan





BINIBIGYAN NG 15 ARAW hanggang Hunyo 30, 2022 na repasuhin ng ORMECO ang mga kontrata sa kanila ng mga independent power producers (IPPs) at kung hindi kayang mai deliver ang nakasaad sa mga kontrata nila ay i amend ito o lagyan na ng kaukulang aksyon.

Ito ay bunsod ng mga natukoy na dahilan ng nangyayaring malimit at mas matagal na pagba-brownout nitong mga nakalipas na araw. Kabilang dito ang kakulangan ng fuel, pagkasira ng ilang mga planta at mahinang dating ng hangin sa bahagi ng PhESI.

Bilang bahagi naman ng pakikipagtulungan ng Pamahalaang Panlalawigan sa ORMECO, inatasan ni Gobernador Bonz ang ORMECO Finance Department na higpitan ang paniningil lalo na sa mga tanggapan ng gobyerno at bigyan sila ng hanggang dalawang beses na warning kung saan kapag hindi pa rin nagbayad sa kanila ay putulan na ang mga ito dahil may sadya namang pondo nakalaan para dito. Kung aniya, ang mga pangkaraniwang consumer ay pinuputulan agad pag hindi nakabayad, ganun din dapat ang gawin sa mga tanggapan ng gobyerno dahil may sadyang nakalaang pondo namang pambayad ang mga ito.

Tugon din ng Ormeco sa mga lubhang malaki ang itinaas ng bill sa kuryente na dalhin ito sa kanilang tanggapan at ipaulit ang pagre-reading dahil minsan anila ay nagkakamali rin sa pagbasa ang mga ito sa metro.



*TINGNAN:* Isa lamang sa maraming mga bagong benepisyaryo ng Special Program for Employment of Students (SPES) ng Pamahalaang Panlalawigan at Department of Labor and Employment (DOLE) si Arman Claude B. Dudas ng Bgy. Balingayan Calapan City.

Ang SPES ay taunang programa ng pamahalaan para alalayan ang mga kwalipikadong mag-aaral at out-of -school youth (OSY) na magkaroon ng empleyo na siyang tugon upang kahit paano'y maalalayan ang kanilang pag-aaral.

Aniya, nagpapasalamat siya sa programang ito ng SPES dahil hindi lamang siya matutulungan sa pinansyal kundi ang katulad niyang mag-aaral ay higit pa rito ang magiging benepisyo. Malaking ambag aniya pa ito, sa pag-angat ng kanilang kaalaman sa pagta-trabaho.

Tatanggap ng kabuuang Php10,940 ang dalawampung araw na pagtatrabaho ng may 113 SPES beneficiaries sa batch na ito. Animnapung porsyento (60%) nito ay manggagaling sa Pamahalaang Panlalawigan samantalang apatnapung porsyento (40%) sa DOLE (PIO Oriental Mindoro).




***TINGNAN:*** Si Keyvin C. Repil, isang PWD ng Bgy.Lisap Bongabong Oriental Mindoro ay isa sa maraming magtatapos ngayong batch 2022 sa John Paul College sa Roxas Oriental Mindoro.

Ipinanganak siyang walang mga kamay ngunit sa kabila nito, sinikap niyang mamuhay tulad ng isang normal.
Kahit may kapansanan hindi kakikitaan ng panghihina loob si Keyvin dahil aniya sa mga taong nakapaligid sa kanya, lalo na ang kanyang ama at mga kaibigang pinapahalagahan siya.

Isa si Keyvin sa inaalalayan ng Pamahalaang Panlalawigan sa ilalim ng programang Tulong Aral Walang Sagabal (TAWAG) para sa PWD. Malaking tulong aniya, ang pag alalay na ito ng Kapitolyo. Kaya gayun na lamang ang pasasalamat niya kay Governor Bonz Dolor na aniya pa'y walang sawang kumakalinga sa tulad niyang may kapansanan.

Mahirap man ang kanyang kalagayan ngunit buo ang kanyang loob na sa kanyang nalalapit na pagtatapos sa kolehiyo sa kursong Bachelor of Science in Computer Science (BSCS) ngayong taon, umaasa siyang magandang kapalaran ang naghihintay sa kanya, ang minimithi nyang sana raw ay magkaroon na siya ng trabaho pagka-graduate niya upang kahit paano'y makatulong din siya sa kanyang ama na mag-isang nagtataguyod sa kanila ng mga kapatid niya.

"Gov.Bonz, salamat po sa pagtulong at pagkalinga sa tulad kong may kapansanan, salamat sa oportunidad... salamat!" (PIO Oriental Mindoro).